Royal College of Anaesthetists

Association of Paediatric Anaesthetists of Great Britain and Ireland

# Osong Rees

## pagkakaroon ng anestetik

Isang kwento para sa mga bata tungkol sa pagkakaroon ng anestetik




Trusted Information Creator
Patient Information Forum

Basahin ang mungkahi para sa mga magulang sa likod ng pahina

## Si Osong Rees ay binigyan ng anestetik





# Hi, ako si Rees

Noong nakaraang linggo ay binigyan ako ng anestetik sa ospital.

Ang anestetik ay kapag binibigyan ka ng doktor ng gamot para wala kang maramdaman, marinig o makakita ng anuman habang sinusuri o operasyon. Tulad ito ng malalim na pagtulog.

Binibigyan ka ng doktor ng anestetik hangga't kailangan mo ito at kapag itinigil nila ang anestetik ay gising ka na.


Sasabihin ko ba sa iyo kung ano'ng nangyari sa akin?



Matutulungan mo ba akong mahanap ang zebra na si Zoe, ang paborito kong laruan, sa bawat pahina?

## Paghahanda

Mas mabuti kung magdadala ka ng ilang bagay sa ospital. Naglagay ako ng ilang pantulog, sepilyo ko, aklat at ang paborito kong laruan.




## Bawal kumain

Dapat wala kang anumang pagkain sa tiyan kapag binigyan ka ng anestetik kaya wala akong anumang kinain. Uminom ako ng tubig upang hindi ako masyadong mauuhaw.

# Si Osong Rees ay binigyan ng anestetik



## Pakikipagkita sa nars

Sa ospital, tinimbang ako ng **nars** para malaman ng mga doktor kung gaano karaming gamot ang ibibigay nila sa akin mamaya.

Sinuri ng nars ang temperatura ko at binigyan niya ko ng tali na may pangalan ko para sa kamay ko upang malaman ng lahat na ako si **Rees Bear**.






## Iba't ibang uri ng anestetik

Nakilala ko ang **anestesista** ko. Yan ang doktor na tumingin sa akin noong nagkaroon ako ng anestetik. Maaaring simulan ang pagbibigay ng anestetik gamit ang maliit na tubo sa iyong kamay o may maskara. Pinag-usapan namin ang pinakamabuting paraan para sa akin.

Maaari kang maglagay ng pamahid sa iyong kamay para mapigilan ang napakaliit na tubo na makaramdam ng sobrang sakit. Ang gamot na anestetik ay pumapasok sa maliit na tubo at gumagana ng talagang napakabilis.






Ang maskara ay tulad ng amoy ng mga tinta na panulat at medyo matagal bago gumana. Kailangan mo pa rin ng isang maliit na tubo sa iyong kamay pagkatapos ng maskara sakaling kailanganin mo pa ng maraming gamot sa susunod, ngunit wala kang mararamdaman pagkatapos ng maskara.




## Si Osong Rees ay binigyan ng anestetik




# Paghahanda ng operasyon

Mayroon akong kaunting oras upang maglaro bago ang aking operasyon. Maaari akong pinasuot ng nars ng gown ng ospital. May ibang mga batang na nakasuot ng mga pajama sa halip

Maaaring kang bigyan ng gamot sa kwarto. Ito ay upang mapigilan ang pananakit pagkatapos ng operasyon o upang tulungan kang matulog bago ito.



## Si Osong Rees ay binigyan ng anestetik





# Sa loob ng anestetikong silid

Sa loob ng anestetikong silid may mga machines na ang tinatawag na **monitors** upang matulungan alagaan ako sa lahat ng oras. Isa sa mga magulang ko ay maaaring sumama sa akin sa isang silid.

Tapos nung tulog ako hinintay ako ng mga magulang ko. Alam kong hindi ka malayo.






## Sa panahon ng aking operasyon

Wala akong naalala, pero ang aking anetesista ay madala kong katabi. Binantayan ako at binigyan ako ng anestesya.

# Si Osong Rees ay binigyan ng anestetik





## Kuwarto para sa pagpapagaling (recovery room)

Kapag natapos ang aking operasyon, ang anestesista ay tinanggal ang gamot para gumising ako. Isang nars ang nag-alaga sa akin sa recovery room hanggang sa makasama ko ang mga magulang ko.

Mayroon akong naramdaman na kaunting sakit sa una. Nagbigay sa akin agad ng nars ng mga gamot, at maya-maya magaan ang naging pakiramdam.







## Nagugutom

Nang makaramdam na naman ako ng gutom, hinayaan ako ng nars ng makakain at maiinom.


Mas maganda ang pakiramdam niyan.

## Pananatili sa ospital

Kailangan kong manatili sa ospital sa isang gabi. Maaring isa sa mga magulang ko ay maaring manatili sa akin.



## Si Osong Rees ay binigyan ng anestetik




## Oras na para umuwi ako

Lahat ng tao sa ospital ay napakabait, ngunit natutuwa ako kapag oras na para umuwi.

Gusto mo bang kulayan ang larawan kong ito?

## Paalam!



# Sinong sino at anong ano





## Anestesista

Ang doktor na nagbibigay sa iyo ng anesthetic na gamot, at pagkatapos ay aalagaan ka hanggang sa oras na para magising muli.

## Mga nars

Mga taong  nag-aalaga sa iyo kapag ikaw ay may operasyon.






## Espesiyalista sa Laro

Isang tao sa ospital na tumutulong sa iyong maglaro at maunawaan kung ano ang nangyayari sa iyo. Hindi lahat ng ospital ay may mga espesiyalista sa laro.

## Mga nagsasanay ng pagpapatakbo ng departamento (ODPs) at mga nars sa teatro

Mga taong tumutulong sa anestesista na alagaan ka habang mayroon kang anestetik.








## Teatro

Isang silid sa isang ospital kung saan ginagawa ang mga operasyon. Napakalinis ng lahat at ang mga taong nagtatrabaho doon ay nagsusuot ng mga damit tulad ng mga pajama at sombrero upang panatilihing malinis ang kanilang buhok.

## Monitor

Isang makinang ginagamit ng anesthetist para bantayan ka habang nasa iyo ang iyong pampamanhid. Gumagamit ito ng ilang sticker sa iyong dibdib at isang peg sa iyong daliri upang suriin kung gaano kabilis ang pagtibok ng iyong puso at kung gaano ka kahusay huminga.



## Recovery room o post-anesthetic care unit (PACU)

Ang silid kung saan gumising ang mga bata pagkatapos ng anesthetics.

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito.

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

## Si Osong Rees ay binigyan ng anestetik

# Paano gamitin ang leaflet na ito




### Impormasyon para sa mga magulang

Idinesenyo namin ang leaflet na ito para basahin mo kasama ng inyong anak para matulungan silang maghanda sa kanilang anestetik. Ito ang simula na maaaring makakilala sila ng ibang tao at ilang mga bagay na maaaring mangyari. Maaari mong palitan ang tao o mga tao sa mga larawan ng sinumang pupunta sa ospital kasama ng iyong anak dahil ito ay magkakaiba sa mga pamilya. Ipaliwanag sa inyong anak kung bakit mo binabasa ang kwentong ito sa kanila. Mahalagang malaman kung ano ang ibig sabihin ng kwento sa kanila at tignan kung mayroon silang katanungan.

Makatutulong na payagan ang inyong anak na maglaro sa kwento at harapin ang mga alalahanin na mayroon sila gamit ang pamilyar na laruan. Maaaring piliin ng ilang bata na gumuhit o magpinta tungkol sa kanilang nararamdaman.

Kung ang anak ninyo ay higit sa edad na tatlo, minumungkahi namin na ihanda sila sa loob ng isang linggo bago ang kanilang anestetik. Para sa mga batang nasa edad tatlo pababa, minumungkahi namin na ihanda sila isang araw bago pumunta ng ospital. Gayunpaman, maaaring isaalang-alang ang pang-unawa ng inyong mga anak.

---

# Sabihin sa amin kung ano ang palagay mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito. Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa:
patientinformation@rcoa.ac.uk

**Royal College of Anaesthetists**
Churchill House
35 Red Lion Square
London WC1R 4SG

020 7092 1500

## rcoa.ac.uk

**Ikaapat na Edisyon, Abril 2023**
Ang leaftlet na ito ay susuriin sa loob ng tatlong taon mula sa araw ng paglathala.

**© 2023 Royal College of Anaesthetists and Association of Paediatric Anaesthetists of Great Britain and Ireland**

Ang leaflet na ito ay maaaring makopya para sa layunin ng paggawa ng mga materyales sa impormasyon ng pasyente. Mangyaring bigyan ng sipi ang orihinal na sangguniang ito. Kung gusto mong gamitin ang bahagi ng leaflet na ito para sa ibang publikasyon, dapat bigyan ng angkop na pagkilala at kailangang alisin ang mga logo, tatak at mga imahen. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa amin.

**Mga larawan mula kay Amanda Lilywhite**